



## SPECTRA GLO LED R/G/B CONTROLLER

### PANGKALAHATAN

#### Mga Numero ng Kit

68000218

#### Mga Modelo

Para sa impormasyon ukol sa fitment ng modelo, tingnan ang retail na katalogo ng P&A o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng [www.harley-davidson.com](http://www.harley-davidson.com) (Ingles lamang).

TALA

*Itabi ang talaang ito ng tagubilin para sa pagkakabit sa hinaharap at operasyon ng iba pang mga kit ng R/G/B na pag-iilaw.*

#### Mga Nilalaman ng Kit

**▲ BABALA**



**Naglalaman ng button o coin cell na baterya. Mapanganib kung nalunok, maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (13807a)**

### MGA KINAKAILANGAN SA PAGKAKABIT

Ang hiwalay na pagbili ng Kit ng Koneksyon ng Power (Bahagi Blg. 69201526 o 69201636), maliban kung nakakabit na.

Kapag ang iba pang mga aksesorya ay nakabit sa pangunahing harness, ang opsyonal na Switched Circuit Adapter Harness (Bahagi Blg. 69201706) ay dapat na gamitin kasabay ng kit na ito.

**▲ BABALA**

**Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00308b)**

TALA

*Ang kontroler na kit na ito ay dinisenyo upang mapatakbo ang iba't ibang mga kit ng ilaw ng Spectra Glo LED.*

*Ang mga Spectra Glo light pod ay dinisenyo at inilaan bilang pang-display lamang. Ipinagbabawal ng ilang lokal na regulasyon ang paggamit ng may kulay o hindi direktang pag-iilaw sa panahon ng pagpapatakbo ng sasakyan sa mga pampublikong kalye. Alamin ang mga lokal na batas bago ikabit.*

### Overload sa Kuryente

**PAUNAWA**

Posibleng ma-overload ang charging system ng iyong sasakyan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng napakaraming de-kuryenteng accessory. Kung ang pinagsamang de-kuryenteng accessory na gumagana nang sabay-sabay ay kumokonsumo ng higit pa sa kuryenteng kayang likhain ng charging system ng sasakyan, maaaring madiskarga ng pagkonsumo ng kuryente ang baterya at magdulot ng pinsala sa sistemang elektrikal ng sasakyan. (00211d)

**▲ BABALA**

Kapag nag-i-install ng anumang de-kuryenteng accessory, tiyaking hindi lalampas sa maximum na rating ng amperage ng fuse o circuit breaker na nagpoprotekta sa naapektuhang circuit na binabago. Ang paglampas sa maximum na amperage ay maaaring humantong sa mga pagpalyang elektrikal, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00310a)

Sumangguni sa SPECTRA GLO LOAD CALCULATION INFORMATION na seksyon sa kalaunan ng dokumento na ito para sa dagdag na impormasyon.

### MGA NILALAMAN NG KIT

Figure 2 at Talahanayan 1 .

### MGA REGULASYON NG FCC

FCC ID: M3N68000217

Ang device na ito ay sumusunod sa Bahagi 15 ng mga patakaran ng FCC at sa (mga) pamantayan ng Industry Canada para sa RSS na hindi nangangailangan ng lisensya. Ang pagpapatakbo ay napapailalim sa sumusunod na dalawang kondisyon: (1) Ang device na ito ay maaaring hindi magdulot ng mapaminsalang interference, at (2) dapat tanggapin ng device na ito ang anumang interference na natanggap, kabilang ang interference na maaaring maging sanhi ng hindi ninanais na pagpapatakbo.

TALA

*Ang mga pagbabago o modipikasyon na ginawa sa kagamitang ito na hindi inaprubahan ng Continental ay maaaring magpawalang bisa ng FCC na awtorisasyon sa pagpapatakbo ng kagamitang ito.*


Ang kagamitang ito ay nasuri at napag-alamang sumusunod sa mga limitasyon para sa mga Class B na digital device, alinsunod sa Bahagi 15 ng mga Alituntunin ng FCC. Ang mga limitasyon ng ito ay dinisenyo upang makapagbigay ng makatuwirang proteksyon laban sa nakapipinsalang interference sa isang residensyal na pagkakabit. Ang kagamitang ito ay lumilikha, gumagamit, at maaaring maglabas ng enerhiya ng



frequency ng radyo, at kapag hindi ikinabit at ginamit alinsunod sa mga tagubilin, ay maaaring magdulot ng nakapipinsalang interference sa mga komunikasyon ng radyo. Ngunit, walang garantiya na hindi magkakaroon ng interperensya sa isang partikular na pagkakabit. Kapag ang kagamitang ito ay nagdulot nga ng nakapipinsalang interperensya sa resepsyon ng radyo o telebisyon, na matutukoy sa pamamagitan ng pagbubukas at pagsasara ng kagamitan, hinihikayat ang user na itama ang interperensya sa pamamagitan ng isa o higit pa sa mga sumusunod na hakbang:

- I-reorient o ilipat ang puwesto ng receiving antenna.
- Dagdagan ang distansya sa pagitan ng kagamitan at ng receiver.
- Ikonekta ang kagamitan sa isang saksakang may circuit na naiiba sa kung saan nakakonekta ang receiver.
- Kumonsulta sa dealer o dalubhasang teknisyen ng radyo o TV para sa tulong.

# LOKASYON NG RGB LIGHT HARNESS (Karaniwang mga Kombinasyon ng Ilaw)



- |  |   |
|--|---|
| 1. Pang-itaas na Speaker na R/G/B na mga Ilaw at Kontroler | 5. Saddlebag na Speaker na R/G/B na mga Ilaw at Kontroler |
| 2. Vent na R/G/B na Ilaw at Kontroler                      | 6. Tour-Pak na Speaker na R/G/B na mga Ilaw at Kontroler  |
| 3. Pang-ibaba na Speaker na R/G/B na mga Ilaw at Kontroler | 7. Lahat ng mga R/G/B na ilaw na may Kontroler            |
| 4. Footboard na R/G/B na mga Ilaw at Kontroler             |   |

Figure 1.

## PAGKAKABIT

1. Tingnan ang manwal ng serbisyo. Alisin ang upuan.
2. Tingnan ang manwal ng serbisyo. Alisin ang takip sa kaliwang bahagi.

### 3. TALA

*Simula sa 2017 na mga Touring na modelo, isang itim na 3-way na P&A accessory na konektor ay matatagpuan sa ilalim ng kanang panig na takip. Tingnan ang manwal ng serbisyo para sa karagdagang impormasyon.*

**Mga modelo na may accessory na konektor:** Ikabit ang Kit ng Koneksyon ng Accessory (Bahagi Blg. 69201526) maliban kung nakakabit na ito. Magpatuloy sa hakbang 5.

4. **Mga modelo na walang accessory na konektor:** Ikabit ang Kit ng Accessory na Konektor (Bahagi Blg. 69201636).
5. Figure 2 Pumili ng isang naaangkop na lokasyon para sa pagmount ng kontroler (5) sa ilalim ng upuan o sa likod ng kaliwang panig na takip. Gumamit ng two-sided na tape (3) na kasama sa kit, o mga strap ng kable (1).

### 6. TALA

*Linisin ang lugar na pagkakabit ng kontroler gamit ang sabon. Hayaang matuyo nang husto. Tanggalin ang mga piraso, alikabok at dumi mula sa mga bahagi ng sasakyan na iha-highlight.*

*Ang temperatura sa kapaligiran ay dapat na **hindi bababa sa 10 °C (50,0 °F)** para maayos na dumikit ang kontroler sa mga ibabaw ng sasakyan.*

Ang hindi nagamit na dulo ng string ng ilaw ay dapat kabitan ng end cap (2).

7. Ikonekta ang harness ng kontroler sa power harness ng accessory.
8. Ibugkos ang mga wire lead mula sa kontroler. Gamitin ang mga strap ng kable (1) upang makabit nang maigi ang mga kontroler lead at lahat ng mga pagkakable sa pagitan ng mga ilaw.
9. Tingnan ang manwal ng serbisyo. Ikabit ang takip ng kaliwang bahagi.
10. Tingnan ang manwal ng serbisyo. Pagkatapos ikabit ang upuan, hatakin pataas ang upuan upang matiyak na nakakabit ito nang mabuti.

## MGA PAMALIT NA PIYESA




Figure 2. Mga Pamalit na Piyesa, Kit ng Spectra Glo Controller

## MGA PAMALIT NA PIYESA

Talahanayan 1. Talahanayan ng mga Pamalit na Piyesa:

Kit	Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
68000218	1	Strap ng kable (4)	10006
	2	End cap	69201616
	3	Tape, two-sided (2)	Hindi Ipinagbibili nang Hiwalay
	4	Fob, LED R/G/B na kontroler	68000217
	5	Kontroler, LED R/G/B	68000219

## IMPORMASYON SA KALKULASYON NG LOAD NG SPECTRA GLO

Ang sistema ng Spectra Glo ay limitado sa 3000 mA. Gamitin ang sumusunod na talaan upang matukoy ang kabuuang

kuryente ng piniling kompigurasyon. Kalkulahin ang kabuuang kuryente sa pamamagitan ng pagmumultipliy sa bilang ng (mga) kit (bawat linya) sa ibinigay ng kuryente. Pagsamahin ang lahat ng kabuuan. Ang halaga ay dapat na mas maliit o katumbas ng 3000 mA. Ang sumusunod na halimbawa ay naglalarawan kung paano kakalkulahin ang kabuuang load ng sistema.

### Talahanayan 2. Halimbawa ng Calculator ng mga Spectra Glo Kit

Pangalan ng Kit	Piyesa ng Kit Bilang	Bilang ng Kit	mA ng Kuryente	Kabuuan
Mga Footboard ng Rider	50500492	1	500	500
Mga Footboard ng Pasahero	50500495	1	350	350
Fairing Vent	68000194		275	
Mga Ilaw ng Speaker (Yugto I)	68000232		125	
Mga Ilaw ng Speaker (Yugto II Bilog)	68000231	1	125	125
Mga Ilaw ng Speaker (Yugto II Saddle Bag)	68000233		125	
Mga Base Light Pod (6)	68000213	2	450	900
Mga Expansion Light Pod (4)	68000214	1	300	300
* Ang Kabuuan ng Sistema ay dapat na 3000 mA o mas mababa.			Kabuuan ng Sistema =	2175

### Talahanayan 3. Calculator ng Spectra Glo RGB Accessory

Pangalan ng Kit	Piyesa ng Kit Bilang	Bilang ng Kit	mA ng Kuryente	Kabuuan
Mga Footboard ng Rider	50500492		500	
Mga Footboard ng Pasahero	50500495		350	
Fairing Vent	68000194		275	
Mga Ilaw ng Speaker (Yugto I)	68000232		125	
Mga Ilaw ng Speaker (Yugto II Bilog)	68000231		125	
Mga Ilaw ng Speaker (Yugto II Saddle Bag)	68000233		125	
Mga Base Light Pod (6)	68000213		450	
Mga Expansion Light Pod (4)	68000214		300	
* Ang Kabuuan ng Sistema ay dapat na 3000 mA o mas mababa.			Kabuuan ng Sistema =	

### Talahanayan 4. Mga Spectra Glo RGB na Accessory

Mga Accessory	Numero ng Piyesa
Fob	68000217
JAE Cap	69201597
Y Harness (3-way)	69201594
3 pulgada na Jumper Harness	69201525
8 pulgada na Jumper Harness	69201529
24 pulgada na Jumper Harness	69201530
24 pulgada na Jumper na may grommet	69201595
48 pulgada na Jumper Harness	69201625

# PAGPAPAANDAR NG SPECTRA GLO

## Fob




Figure 3. Fob

## Mga Default na Setting

- Ang kontroller at fob ay dumating na nakapares. Tingnan ang Pagpapares ng Fob kung kailangang mapares ang fob.
- Tingnan ang Figura 4. Pitong mga preset color zone ang magagamit. Ang bawat isa ay may ilang mga shade:
  - White
  - Green (Berde)
  - Tubig
  - Blue (Asul)
  - Pink
  - Red (Pula)
  - Yellow
- Tatlong mga color mode ang magagamit:
  - Solid
  - Flash
  - Fade




Figure 4. Color Spectrum

## OPERASYON

### System ON/OFF

#### TALA

Ang mga ilaw ay magbabalik sa huling mga setting nito kapag ang sasakyan ay pinaandar pagkatapos na ito ay hindi umaandar.

1. Gisingin ang kontroler mula sa Low Power Sleep sa pamamagitan ng pagpipit ng switch ng ignisyon sa ignisyon o Accessory na posisyon.
2. Tingnan ang Figura 3. Pindutin ang Power ni buton (1) sa fob.

### Pagpapalit ng Mode

1. Tingnan ang Figura 3. Pindutin ang Mode na buton (2) upang mag-toggle sa tatlong mga mode.
2. I-adjust ang flash at fade na mga speed:
  - a. I-set ang mode sa Flash o Fade.

- b. Pindutin ang Magscroll pataas na buton (4) upang unti-unti itong bumilis. Pindutin nang matagal upang mabilis na pabilisin ito.

- c. Pindutin ang Magscroll pababa na buton (5) upang unti-unti itong bumagal. Pindutin nang matagal upang mabilis na pabagalin ito.

3. Sa susunod na pagkakataon na ang Flash o Fade na color mode ay aandar muli, ang nakaraang seleksyon ng bilis ay magbabalik hanggang sa ito ay baguhin.

### Pagpapalit ng Kulay

1. Tingnan ang Figura 3. Pindutin ang Palitan ang Kulay na buton (3) upang magscroll at palitan ang mga color zone.

#### 2. TALA

Ang shade ay hindi maaaring ma-adjust sa Puti na Color Zone.

Pag-adjust ng shade ng kulay:

- a. I-set ang mode sa Solid.

- b. Pindutin ang Magscroll pataas (4) o Magscroll pababa (5) na buton nang paulit-ulit upang unti-unting mabago ang shade. Pindutin nang matagal ang buton upang mabilis na mabago ang shade.

## Pagpapares ng Fob

### 1. TALA

Tingnan ang Figura 5. Ang key ring bail (3) ay maaaring mahulog kapag ang takip ay tinanggal. Ingtang hindi mawala ito.

Tingnan ang Figura 5. Tanggalin ang apat na turnilyo na nagkakabit ng likurang takip ng fob. Tanggalin ang takip.

2. Ilagay ang switch ng ignisyon sa Ignition o Accessory na posisyon.
3. Idiskonekta ang konektor ng kontroler power nang 10 segundo.
4. Ikonekta ang konektor ng kontroler power. Ang pairing mode ay aktibo lamang sa loob ng 15 segundo.
5. Pindutin nang matagal ang buton (2) hanggang sa ang mga ilaw ng Spectra Glo sa sasakyan ay mag-siklo sa lahat ng pitong mga color zone.
6. Ikabit ang takip ng fob.

## I-reset sa Factory Default

1. Isagawa ang mga hakbang 1-4 ng Pagpapares ng Fob.
2. Tingnan ang Figura 5. Pindutin nang matagal ang buton (2) hanggang sa ang mga ilaw ng Spectra Glo sa sasakyan ay mag-siklo sa lahat ng pitong mga color zone. Patuloy na pindutin ng dagdag na 5 segundo hanggang sa ang mga ilaw ng Spectra Glo ay mag-siklo sa lahat ng pitong mga color zone sa pangalawang pagkakataon.
3. Ikabit ang takip ng fob.

## Palitan ang Fob na Baterya

### 1. TALA

Ang key ring bail (3) ay maaaring mahulog kapag ang takip ay tinanggal. Ingtang hindi mawala ito.

Tingnan ang Figura 5. Tanggalin ang apat na mga turnilyo na nagkakabit ng likurang takip ng fob. Tanggalin ang takip.

2. Tanggalin ang baterya (1) sa pamamagitan ng pagdiin palabas ng baterya sa retainer.
3. Ikabit ang bagong baterya (CR2032 o katumbas) na ang positibo (+) na panig ay nakatihaya.
4. Ikabit ang takip ng fob.




Figure 5. Pag-reset ng Fob at Baterya

## MGA KARAGDAGANG TAMPOK

1. Active Sleep
  - a. Binabawasan ang paghina ng baterya habang ang sistema ay nakikinig para sa mga command mula sa fob (off ang sistema).
  - b. **Nangyayari ito** hanggang sa 60 minuto pagkatapos ng huling commang ng buton kapag ang sistema ay off.
2. Deep Sleep
  - a. Nagshu-shut down ang sistema upang mabawasan ang labis na paghina ng baterya habang ang sasakyan ay off at ang sistema ay hindi ginagamit.
  - b. **Nangyayari ito** kapag ang sistema ay nasa Active Sleep mode nang higit sa 30 minuto. Kapag ang IGN ay OFF o ang boltahe ng sistema ay hindi umabot ng 11.5 boltahe.
3. Engine Running Lockout
  - a. Para sa mga kadahilang pangkaligtasan, lahat ng mga buton sa fob ay naka-disable. Ang mode ay awtomatikong nagbabago sa solid at ang mga ilaw ay nananatili sa kasalukuyang kulay.
  - b. **Nangyayari ito** kapag ang switch ng sasakyan ay nasa IGN (Ignisyon) na posisyon at umaandar ang makina o ang boltahe ng baterya ay mas higit kaysa humigit-kumulang 13 boltahe.
4. Labis na kuryente o Labis na boltahe na Shut Down
  - a. Nag-o-off ang sistema upang magprotekta laban sa labis na boltahe, pagshort sa sistema at over loading ng sistema.



- b. **Nangyayari ito** kapag ang boltahe ng sistema ay lumampas ng 16 boltahe, ang harness ng kable ay na-short sa baterya o sa ground o ang bilang ng mga accessory ay lumampas ng maximum na threshold ng sistema (3000 mA) (sumangguni sa Load Calculation Table).

## PAG-AAYOS NG PROBLEMA

Para sa bawat pangyayari, sundan ang mga hakbang sa pagremedyo nang sunod-sunod. Magpatuloy lamang sa susunod na hakbang kung ang sintomas ay hindi pa nalutas.

### Talahanayan 5.

Sintomas	Remedyo
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang mga ilaw ay hindi umiilaw</li> <li>• Hindi gumagana ang mga buton ng Fob</li> </ul>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Kumpirmahin na ang Kit ng Koneksyon ng Power (Bahagi Blg. 69201526 o 69201636) ay nakakabit nang tama.</li> <li>2. Kumpirmahin na ang power ng sasakyan ay nasa pagitan ng 11.5-13 boltahe sa konektor ng kontroller (baterya at IGN) na mga pin habang naka-switch sa IGN o ACC. <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Kung ang sasakyan ay naka-switch sa IGN o ACC at ang power ay higit pa sa 13 boltahe, ang sistema ay nasa Engine Running Lockout mode. Tingnan ang Mga Karagdagang Tampok.</li> <li>b. Kung ang power ng sasakyan ay mas mababa sa 11.8 boltahe, ang sistema ay nasa Mababang Baterya na Shut Down mode. Tingnan ang Mga Karagdagang Tampok.</li> </ol> </li> <li>3. Kumpirmahin na ang baterya ng fob ay hindi nangangailangan ng kapalit. Tingnan ang Pagpapalit ng Baterya.</li> <li>4. Isagawa ang proseso ng Pagpapares ng Fob. Tingnan ang Pagpapares ng Fob.</li> </ol>
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang nakasaksak na charger at mga buton sa fob ay hindi gagana</li> <li>• Ang nakasaksak na charger at mga ilaw ay nakapirmi sa solid na color mode</li> <li>• Ang mga ilaw ay naka-set sa pag-flash o fade na mode, ang nakasaksak na charger at sistema ay naka-set sa solid na mode</li> </ul>	<p><b>PAALALA</b></p> <p>Ang pagsaksak ng isang charger sa sasakyang naka-switch sa IGN o ACC ay maaaring magsanhi sa sistema na pumasok sa Engine Running Lockout mode. Tingnan ang Mga Karagdagang Tampok.</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Kumpirmahin na ang power ng sistema ay nasa pagitan ng 11.5-13 boltahe sa baterya ng kontroler at mga IGN pin habang naka-switch sa IGN o ACC. <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Kung ang power ng sistema ay higit pa sa 13 boltahe, ang mga ilaw ay nasa Engine Running Lockout mode. Tingnan ang Mga Karagdagang Tampok.</li> <li>b. I-switch OFF ang sasakyan at subukan ang paggana.</li> </ol> </li> </ol>
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang mga color zone ay hindi mukhang katulad ng mga kulay sa manwal - ang mga kulay ay mukhang napaka-katulad</li> </ul>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Magsimula mula sa kontroler at tingnan kung may mga short sa mga bahagi o RGB na pagkakable sa pamamagitan ng pagdiskonekta sa indibidwal na mga panig o grupo ng mga accessory.</li> </ol>

### Talahanayan 5.

Sintomas	Remedyo
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Gusto kong buksan at patayin ang aking mga ilaw habang sumasakay</li> <li>• Gusto ko na mag-flash ang aking mga ilaw habang sumasakay</li> <li>• Ang mga ikaw ay nasa flashing o fade mode at kapag ang sasakyan ay pinaandar, ito ay nagiging solid mode</li> </ul>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Habang sumasakay, ang mga ilaw ay nasa Engine Running Lockout mode. Tingnan ang Mga Karagdagang Tampok. Para sa pangkaligtasan na mga kadahilanan, ang mga ilaw ay dapat na buksan at piliin ang kulay bago paandarin ang makina.</li> </ol>
<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang sasakyan ay naka-switch sa IGN o ACC - ang mga ilaw ay gumagana ngunit pinatay</li> </ul>	<ol style="list-style-type: none"> <li>1. Kumpirmahin na ang power ng sistema ay nasa pagitan ng 11.5-16 boltahe sa baterya ng kontroler at mga IGN pin habang naka-switch sa IGN o ACC.</li> <li>2. Kung ang power ng sistema ay higit pa kaysa sa 16 boltahe, ang mga ilaw ay nasa Labis na kuryente o Labis na boltahe na Shut Down mode. Tingnan ang Mga Karagdagang Tampok.</li> <li>3. Ang sasakyan ay maaaring nasa isa sa mga sleep mode. Tingnan ang Mga Karagdagang Tampok. <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Kung ang sasakyan ay naka-idle nang mas mababa kaysa sa 90 minuto, ito ay nasa Active Sleep Mode. Tingnan ang Mga Karagdagang Tampok. Pindutin ang buton ng Power sa fob upang buksan muli ang mga ilaw.</li> <li>b. Kung ang sasakyan ay naka-idle nang mas matagal kaysa sa 90 minuto, ito ay nasa Deep Sleep Mode. Tingnan ang Mga Karagdagang Tampok. Gisingin ang sistema sa pamamagitan ng magpihit ng switch ng sasakyan sa IGN o ACC nang panandalian at pindutin ang buton ng Power sa fob upang buksan muli ang mga ilaw.</li> </ol> </li> </ol>